

NTPS – Future-Ready 1:1 Program

Ano ang Future-Ready 1:1 Program?

Simula sa susunod na taon ng pasukan, magtatalaga sa lahat ng mag-aaral ng middle school ng kani-kanilang tig-iisang (1:1) Chromebook na may mga pamprotektang case. Gagamitin nila ang device sa buong araw sa paaralan bilang suporta sa pag-aaral at iuuwi ito para sa pag-aaral kahit saan at kahit kailan.

Para matiyak na ang angkop ang 1:1 para sa mga mag-aaral at staff ng NTPS, lumahok ang Aspire at Salish Middle School sa pagpapasimula noong ikalawang semester ng 2017-2018 na taon ng pasukan. Naging matagumpay ang trial sa mahigit 1,000 mag-aaral at inaprubahan ng distrito ang pagpapatupad nito sa lahat ng middle school sa susunod na taon ng pasukan.

Bakit 1:1 sa NTPS?

Ang “All Students Empowered and Future-Ready” ay ang aming hangarin para sa North Thurston Public Schools. Habang lumalaki ang mga mag-aaral sa isang papasulong na digital na daigdig, napakahalagang mayroon silang mahuhusay na digital na tool sa pag-aaral na may kasamang matatag na digital citizenship sa pagtuturo para makibahagi sa lipunan sa ika-21 siglo.

Taglay ito sa isip, titiyakin ng Future-Ready 1:1 Program na magkakaroon ang **lahat ng mag-aaral** ng pantay-pantay, ligtas, at maaasahang access sa mga digital na tool sa pagtuturo para suportahan ang pag-aaral kahit saan at kahit kailan.

Kailan ito sisimulan?

Tina-target naming maiuwi ng mga mag-aaral ang device sa unang dalawang linggo ng pasok. Sa panahon ng tag-araw na ito, makikipag-ugnayan ang bawat paaralan sa mga pamilya para ipaalam sa kanila ang kanilang partikular na petsa ng pagsisimula at mga karagdagang detalye para sa Future-Ready 1:1 Program.

Bakit mauuna ang mga middle school?

Ang kasalukuyang plano ng distrito ay ang ipatupad ang Future Ready 1:1 Program sa ating mga middle school muna, pagkatapos ay sa ating mga high school sa susunod na taon. Sa pag-iisip niyan, gusto naming ihanda muna ang aming mga mag-aaral sa middle school para madaling pag-transition sa 1:1 program sa high school. Ang mga middle school din ang may pinakamaraming chromebook sa kasalukuyan, na malaki ang maibabawas sa mga gastusin para sa pagtataguyod muna ng 1:1 sa mga grade level.

Paano ang ibang mga paaralan ng NTPS?

Depende sa magiging mga resulta ng pag-rollout at pagpopondo, inaasahan ng NTPS ang pagpapatupad ng Future-Ready 1:1 Program sa lahat ng high school sa buong 2019-2020 na taon ng pasukan.

Sa panahong ito, walang plano ang NTPS na itaguyod ang 1:1 program sa pag-uwi ng device sa ating mga elementary school. Patuloy na gagamitin ng ating mga mag-aaral sa elementary ang mga device na nasa mga gusali at silid-aralan para suportahan ang pagtuturo sa paaralan.

Bakit Chromebook?

Pinili ng NTPS ang mga Chromebook bilang aming pangunahing device para sa mag-aaral bilang murang solusyon para mas palawakin ang access sa mga digital resource sa pag-aaral para sa ating mga mag-aaral. Ang mga NTPS Chromebook ay mga semi-ruggedized, maaasahan, at secure na device na nag-aalok sa mga mag-aaral at staff ng access sa internet, pati na ang magandang suite ng mga tool sa pakikipag-collaborate sa pamamagitan ng Google Apps para suportahan ang tagumpay ng mag-aaral.

Paano pinopondohan ang programang ito?

Bilang mahuhusay na tagapag-ingat ng ating mga pinansyal na resource, namuhunan ang NTPS sa programang ito gamit ang kasalukuyang pondo na dati nang ibinibigay ng estado at ng ating lokal na komunidad.

Ano ang mangyayari kung mawala, manakaw, o masira ang device ng aking mag-aaral?

Para sa maliit na bayarin, lubusang sasagutin o babawasan ng NTPS 1:1 Assurance program ang mga gastos para sa pagpapaayos depende sa bilang ng mga insidente. Magbibigay ng higit pang detalye tungkol sa Assurance Program bago magsimula ang pasukan. Mananatili sa programa ang perang mapupunta sa 1:1 Assurance Program at gagamiting pondo sa patuloy na mga pagpapa-repair, pagpapalit, at upgrade sa mga 1:1 device.

Ano ang maaaring i-access ng aking anak sa kapag iniuwi ito sa bahay?

Napakahalaga para sa NTPS ang kaligtasan sa internet ng mag-aaral. May ilalagay na pam-filter ng website ang lahat ng device na maghihigpit sa nakakapinsalang content saanman gamitin ang device. Ibibigay ang mga resource para sa digital citizenship para tulungan ang mga pamilyang suportahan ang kaligtasan ng kanilang mga mag-aaral at maging responsable sa kanilang mga device sa labas ng paaralan.

Saan pa ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa Future-Ready 1:1 Program?

Magbibigay ng karagdagang impormasyon ang mga paaralan at mag-iiskedyul ng mga parent night para talakayin ang programa bago magsimula ang susunod na taon. Pakibantayan ang mga komunikasyong iyon at sumangguni rin sa aming Future-Ready 1:1 website sa www.nthurston.k12.wa.us/futureready.